

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
September 18, 2020 (12:10 P.M. – 1:37 P.M.)

SEC. ROQUE: Magandang tanghali po, Pilipinas. Narito po kami sa City of Pines at Summer Capital of the Philippines, ang aking siyudad - Baguio City.

Umpisahan po natin ang briefing natin ngayon sa mga pangyayari kaninang umaga. Kasama ko po si Secretary Vince Dizon at si Mayor Magalong ng siyudad na ito, nag-inspeksiyon po kanina sa Session Road para maipakita sa buong Pilipinas ang epektibong pagpapatupad ng Baguio sa kanilang prevent, detect, isolate, treatment, reintegration or PDITR Strategy. Magiging modelo po kasi ang Baguio kung paano po dapat buksan muli ang turismo 'no.

Maalala ninyo po, nag-anunsiyo na ang siyudad ng Baguio na bukas po ang Baguio para sa mga turista galing sa Region I. Mayroon pong initial na turista na papapasukin dito sa Baguio, ang requirement lang po ay magrehistro sa webpage ng Baguio City at magpapakita po sila ng confirmed hotel reservation at dadaan dito po 'no – narito po kami ngayon sa [garbled] center kung saan nandito rin po iyong triage na kinakailangang puntahan ng mga bibisita dito sa siyudad ng Baguio.

Automated na po ang triage system nila. Bago pa po umalis papunta ng Baguio, isumite na po ang mga dokumentong kinakailangang isumite at pagdating po rito ay kukuhaan na lang kayo ng mga temperatura at konting tanong tungkol sa mga health background. Mabilis na mabilis po iyan, at every ten passengers ay mayroon pang VIP escort na maghahatid sa inyong pupuntahan.

Now, dito naman po ngayon sa Baguio Convention Center, kami po ay brinief [briefed] kung paano po itong off-site aggressive community testing na isinasagawa po ng siyudad ng Baguio. Random po ang kinukuha nila, mahigit-kumulang 800 sa iba't ibang mga barangay at binibigyan po sila ng PCR testing sa tulong na rin po ng BCDA at ng John Hay Management Authority.

At noong huling ginawa po nila ito sa off-site, nakakuha po sila ng positivity rate na 1.7%. Iyan po ay mababa dahil kung ikukumpara ninyo sa Metro Manila, nasa sampung porsiyento pa po ang positivity rate ng Metro Manila.

So, ano po ang ating mensahe? Kahit number one na po ang Baguio sa tracing ay patuloy pa rin ang lungsod sa agresibong testing para po mahanap natin kung sino sa ating mga kababayan ang mayroon pong COVID-19. At matapos po iyan ay bibigyan po natin sila ng isolation facility at siyempre, iyong made in Baguio Magalong Formula para po sa tracing – 1:37.

So, maya-maya po inaasahan din po natin na bukod kay Secretary Vince Dizon, tayo po ay sasamahan ni Mayor Benjie Magalong bagama't mayroon pong konting personal family emergency na ina-attend-an ngayon. Sana po ay makabalik si Mayor Magalong.

Balitang IATF naman po tayo. Bukod po doon sa inanunsiyo ko na na sinabi na po ni Transportation Secretary Tugade na ipagpapaliban muna iyong pagpapatupad ng .75 social distancing sa mga pampublikong sasakyan, inaprubahan din po ng miyembro ng IATF ang rekomendasyon ng Department of Health advisory group sa pakikipag-ugnayan sa Department of Tourism at Department

of Interior and Local Government sa tulong na rin po ng World Health Organization, nasimulan na po ang pilot study sa paggamit ng rapid antigen test para po sa border screening at serial testing sa high risk to low risk interzonal travel.

Dito po sa Baguio, dahil kabahagi po siya ng pilot testing, lahat po ng papasok dito sa Baguio ay sasailalim sa antigen. Itong antigen po, ang gamit ay ano pa rin po 'no, iyong swab pero nilalagay po siya sa makina at ang resulta ay lalabas po on or about 10 to 20 minutes. At napakamura niyan 'no, ang estimate ng Baguio, between 1,000 to 1,250 po ang singil nila nang sa ganoon ay hindi lang po mayayaman ang pupuwedeng pumasok dito sa Baguio. Kapag na-approve na po iyan ng DOH, game-changer na naman po ito ano dahil, unang-una, ang PCR po ay talagang medyo may katagalan ang resulta – isa hanggang dalawa araw, minsan tatlong araw pa; iyong GeneXpert machine, pupuwede pong 45 minutes pero kakaunti lang po iyong nakukuha nating cartridges 'no – 5,000 po sa buong Pilipinas lamang ang nakukuha nating cartridges. Pero kapag na-approve na po itong antigen test na ito, game-changer po talaga because in essence, para siyang rapid testing kits pero ang kaniyang accuracy po ay hindi po malayo sa PCR testing.

Kaugnay nito ay kailangang isaalang-alang ang cross-border differences sa quarantine status at prevalence level ng transmission pati ang specialized programs po ng Department of Tourism.

Ni-ratify din po ng IATF ang desisyon ng IATF-Technical Working Group na may kinalaman sa paggunita sa Undas sa lahat ng pribado at pampublikong mga sementeryo, memorial parks, kasama na po ang columbarium. Epektibo ito sa araw na inaprubahan ang Resolution # 72 kahapon po hanggang a-kinse ng Nobyembre ngayong taon. Ano ba po itong mga guidelines na ito? Una, dahil nga po magsasara ang mga sementeryo sa panahon ng isang linggo, ang bilang ng mga bibisita sa ating mga mahal sa buhay na sumakabilang-buhay ay lilimitahan sa maximum na 30% na venue capacity. Kinakailangang magsuot ng facemask at face shields at mag-social distance.

Pangalawa, lahat ng mga pribado at pampublikong mga sementeryo at memorial parks, kasama na ang columbarium, ay isasara sa mga bisita mula October 29 hanggang November 4, 2020.

Now, uulitin ko po: Sa buong Pilipinas, isasara po lahat ng sementeryo, kasama na po ang mga columbarium, from October 29 hanggang November 4. Ibig sabihin, puwede naman po tayong dumalaw bago po isara at matapos isara ang mga sementeryo, pero 30% nga po ang capacity; kinakailangan ng facemask [at] face shield.

Provided na ang Omnibus Guidelines on the Implementation of Community Quarantine tungkol sa naglilibing or burial at cremation ay patuloy na pairalin. Ibig sabihin, iyong mga nagtatanim po ng bulaklak dito sa Baguio at Cordillera, ibenta po natin ang mga bulaklak natin bago po magsara ang mga sementeryo sa 29 o 'di naman kaya matapos ang October 4. Puwede naman po iyon dahil sigurado ako, marami, kung hindi lahat ng Pilipino ay bibisita pa rin sa puntod ng kanilang mga mahal sa buhay.

Ito pa po ha, iyong sa 30% na sinabi ko, hindi po mag-a-apply ang age restrictions sa mga bisita sa mga nasabing lugar dahil alam naman natin na talagang iyong mga seniors pati mga bata ay talaga naman pong inaalala rin ang kanilang mga mahal sa buhay – kung hindi sa November 1, then before October 29 or after November 4.

So, buong Pilipinas, bumili pa rin po kayo ng mga bulaklak galing dito sa Baguio at sa Cordillera dahil isa po ako sa mga nagtanim ng bulaklak – Yellow Chrysanthemum potted po.

Anyway, COVID-19 update naman po tayo. Ito po ang global update ayon sa Johns Hopkins: Mahigit 30 million na po or 30,378,000 na kaso ang COVID-19 sa buong mundo. Mayroon mahigit sa siyam na raang libo o 943,203 ang binawian na ng buhay dahil dito.

Nangunguna pa rin po ang Estados Unidos, pangalawa ang India na may pinakamaraming kaso ng COVID-19 sa mundo, sinusundan po ng Brazil, Russia at Peru.

Now, para lang po sa inyong kaalaman 'no, ang Estados Unidos po ngayon – 6,669,322 ang kaso; ang mga namatay po ay 197,554. Ang India po pumapangalawa – 5,118,253; 83,198 po ang namatay. Ang Brazil – 4,419,083; 134,106 ang namatay. Ang Russia – 1,081,152; 18,996 ang namatay. Ang Peru – 744,400; 31,051 po ang mga namatay.

Sa Pilipinas naman po ngayon, ang ating aktibong kaso ay... well, ang total cases po natin ay 276,289. Sa numero pong ito 63,408 ang active cases at sa mga aktibong kaso po 87.5% ay mild; 8.7% ay asymptomatic; 1.1% ay severe; at 2.7% ang critical.

Patuloy pong dumadami ang gumagaling, mayroon na po tayong 208,096 na nai-report na recoveries as of September 17. Samantala, nalulungkot po kami na sabihin na mayroon na po tayong 4,785 na binawian ng buhay dahil po sa COVID-19 pero percentage wise it remains to be 1.7% po ang ating case mortality rate.

Okay, dito po nagtatapos ang ating presentasyon. Kasama po natin ngayon ang ating Testing Czar, Secretary Vince Dizon. Dalawang bagay po ang nais kong itanong kay Secretary Vince. Pinulaan po tayo nang sinabi ko na we have the best testing record at pinakamataas na po ang ating testing sa buong Southeast Asia, nalampasan pa natin ang south Korea at Japan. At pangalawa po, ano ba itong antigen testing at pakisabi po why this will become a game changer sa testing at kung ano pa pong mga impormasyon na pupuwede ninyong i-share sa ating publiko.

SEC. DIZON: Maraming salamat, Spox Harry. Unang-una po, nagpapasalamat po tayo kay Mayor Benjie Magalong sa mga ginagawa niya dito sa Baguio. Makikita natin na talagang modelo itong Baguio para maipakita sa buong Pilipinas na kaya na nating i-manage ang COVID-19 at paunti-unti ay kaya na nating bumalik sa normal na pamumuhay pero pamumuhay na tuloy-tuloy ang pag-iingat para hindi tayo mahawa at hindi tayo makahawa sa ating mga kababayan.

At nakikita ninyo po sa mga litrato kanina ni Spokesperson Harry at ni Mayor Benjie na dito ho sa Baguio eh halos parang normal na ang buhay. Marami na pong nasa labas, ang mga tao po ay nagninegoso na, nagbibenta, namimili na po ang mga tao pero makikita din po natin ay sumusunod po sila sa ating mga health standards – lahat po naka mask; lahat po, wala akong nakita na hindi naka face shield nung nandoon tayo sa Session Road; at kahit papaano po dumidistansiya sila sa isa't isa.

Mayroon pa nga silang sistema na one-way ang lakaran. Iyong isang parte ng kalye papunta sa isang direksiyon lang, iyong kabila isang direksiyon din lang. Kaya nakakatuwa po at tingin ko po kung kayang gawin ng Baguio eh tingin ko kayang gawin din ng iba't-iba nating mga siyudad sa buong Pilipinas.

Doon po sa isyu ng testing, I think fact lang naman po na sa numero ngayon 'no kahit na noong una ay medyo napakabagal at napakababa po ng ating pag-test lalo na noong unang pagputok ng COVID-19 sa Pilipinas, tayo naman po ay nakahabol at nakahabol po talaga tayo. At ngayon sa Southeast Asia, tayo na ang pinakamaraming na-test, mahigit tatlong milyon na at siguro pagdating ng Oktubre eh lalampas na tayo ng apat na milyon pagdating ng October.

Ito lang po ang ipinapakita natin na seryoso po ang ating Pangulo na talagang ma-detect natin ang mga kababayan nating may sakit at ma-isolate natin sila para hindi mahawa ang kanilang mga mahal sa buhay at mapagaling natin sila kaya nakikita din po natin na padami nang padami ang ating mga recoveries; pero kailangan paigtingin pa rin natin ito. Gaya ng sinabi ni Spokesperson Harry, hindi ibig sabihin na napakadami na nating na-test eh iyon na iyon. Hindi po, tuluy-tuloy po. Kaya po tuluy-tuloy po ang trabaho at ang coordination ng national government, ng NTF, ng IATF sa ating mga local government units para lalo pang paigtingin.

Kaya po ngayon, nakikita ninyo sa likod natin, napakarami po sa ating mga kababayan dito sa Baguio ang tine-test – up to 800 to 1,000 a day ang tine-test natin dito ngayon sa Baguio at sa mga karatig na munisipyo at siyudad.

Ngayon, ang maganda po, ang testing natin sa buong mundo eh gumaganda ang teknolohiya. Bumibilis at nagmumura pa. Ang bago ngayong testing na pinag-aaralan na hopefully magkaroon na ng final guidelines ang ating Department of Health ay iyong antigen test.

Kahapon po sinubukan namin ito noong kami ay pumunta ng General Santos City ni Secretary Del Lorenzana, ang ating chairman ng NTF, si Secretary Charlie Galvez, si Mayor Magalong at ako po ay sumailim sa antigen test at kami po lahat ay nagulat sa bilis ng resulta. Alam ninyo naman po ang PCR minsan mabilis ang 24 hours pero minsan umaabot ng 48 o 72 hours. minsan kapag maraming tine-test aabot pa ng isang linggo. Doon po kami ay nagulat 15 minutes lang po nakuha na namin ang aming resulta. Ito po ay na-text sa amin, na-email, at binigyan pa po kami ng papel na certificate na pinapatunayan na kami ay negatibo sa antigen test.

Kaya po sana ay magamit na natin ito hindi lamang sa border crossings or sa pagbubukas ng turismo kung hindi magamit din natin ito sa ating mga communities dahil po ang bilis ng pagti-test ay critical sa bilis ng pagti-trace, critical din sa bilis ng pag-i-isolate at critical din sa bilis ng pagti-treat. So, sana po ay makakuha na tayo ng guidelines sa mga susunod na araw o susunod na linggo para po talagang ma-maximize natin itong bagong teknolohiya na ito.

Iyon lang po, Spox. At sa ating mga kababayan, maraming-maraming salamat po.

SEC. ROQUE: Papunta na po dito sa atin si Mayor Benjie Magalong pero bago po siya, may isang tanong po ako kay Secretary Vince. Secretary Vince, any updates on the pooled testing na pinaylot [piloted] po sa Makati. Pooled testing po, limang tao ang gagamit ng isang testing kit para mapababa ang presyo ng testing at mapabilis din po ang resulta.

SEC. DIZON: Ngayon po, alam ko bina-validate na lang ang mga resulta sa iba't-ibang pilot tulad ng City of Makati at iba't-iba pang mga area sa pamumuno ng ating private sector under the leadership ni Presidential Adviser Joey Concepcion. So, hintayin na lang ho natin I think ang bina-validate na lang naman, Spox, is kung ano ang pinakatamang size ng pool whether ito ba dapat ay lima, sampu, iyon na lang po at kung anong sitwasyon maaaring gamitin itong pooled testing. Pero sana po lumabas na rin po ito tulad ng paglabas ng antigen testing para po magamit na natin nang todo-todo itong mga bagong teknolohiya ito.

SEC. ROQUE: Final, final last question ko na. Nakakasunod ba ho iyong ating isolation facilities doon sa pagtaas ng ating actual testing being conducted? Ang galing-galing ninyo ano, from one laboratory in excess of 100 laboratories na tayo, eh sapat ba naman po kapag lahat po sila ay gustong magpa-facility quarantine or malayo pa ang tatahakin para mabigyan ang lahat ng Filipino ng quarantine facility?

SEC. DIZON: Sa kasalukuyan po ay nakakasabay tayo lalong-lalo na sa NCR at sa Greater Metro Manila area kung saan doon marami ang mga kaso natin. In fact, ang ating occupancy ng ating mga We Heal as One Centers at ang ating mga isolation hotels under Oplan Kalinga ay actually bumababa.

Dati noong kasagsagan ng dami ng kaso sa Greater Metro Manila area, umaabot ng 80%, 85% ang occupancy ng ating We Heal as One Centers at mga quarantine hotels; pero ngayon po ay nasa 50% plus na lang, nasa 52-53% na lang. So, makikita natin na kinakaya pa naman pero ang maganda dito dahil sa efforts ng ating Kongreso at dahil sa pagpirma ng ating mahal na Pangulo sa Bayanihan II Law, magkakaroon pa tayo ng dagdag na isolation centers at dagdag na hotels dahil nga nagkaroon na ng dagdag na budget para dito.

So, right now nakakasabay at kampante tayo na dahil sa tulong ng Bayanihan We Recover as One Law ay kakayanin pa natin ito kahit na dumami ang ating testing o dumami ang ating mga kaso.

SEC. ROQUE: Well, dumating na po ang ating tracing Czar, si Mayor Benjamin Magalong. Sir, I hope you don't mind, kakadating mo pa lang, pero kanina po nakita namin kung paano na po nagbubukas ang central business district sa Session Road at kung paano pong tapos na po ang paghahanda ng Baguio para tumanggap ng unang 200 tourists galing po sa Region I. So ano po ang mensahe ng siyudad ng Baguio sa mga taga-Region I at sa buong Pilipinas po bilang the summer capital of the Philippines?

MAYOR MAGALONG: Maraming salamat, Spox Harry. Unang-una, gusto ko lang pong ipaalam sa ating mga potential na visitors sa siyudad ng Baguio that our city is now open starting September 2, kaya lang po limited lang sa Region I dahil gusto lang po naming mapag-aralan itong bagong normal

pagdating po sa ating pagbubukas ng turismo. So, we will experience it; we will learn from it; we will learn how to manage iyong ating mga tourists. Siguro, we will start gradually in a very calibrated manner and that is the reason why we are going to start with just 200. Pasensiya na po kayo, just 200. In fact, doon po sa ibang munisipyo sa Region I na magpa-participate din po sa ating tourism bubble, they will only start with 50 tourists a day. Pagdating po noon, unti-unti po naming dadagdagan habang natututo po kaming mag-manage po ng ating mga turista. Maraming salamat po.

SEC. ROQUE: Mayor, as tracing Czar po, ano na pong inroads mayroon tayo pagdating doon sa pag-increase ng ating tracing capacity nationwide?

MAYOR MAGALONG: Dati-rati po, we started at three months ago. By the way, before I answer that, Spox Harry, gusto ko lang pong i-correct, it's not September 2, nabanggit ko yata September 2 – September 22 iyong pagbubukas po namin, that would be Tuesday next week. At ang bisita po namin dito is no less than the Secretary of the Department of Tourism, Secretary Berna Puyat po ang makakasama po natin dito.

Dito naman po sa ating contact tracing, three months ago when we started, ang national contact tracing efficiency ratio was just one is to two (1:2). And last week, umaakyat na po iyan at three weeks ago nakikita po namin iyong significant na progress po niyan. In fact, there are already three regions in the entire country na umakyat na po ng 1:11 ang kanilang contact tracing. Although, what we are aiming for is 1:30 – for urban is 1:37; for rural is 1:30. So, average po sa entire country, we are looking at 1:30.

So the good news is we see a lot of improvements in the other regions. We have three regions that were able to hit 1:11, at iyong iba naman is nandoon sila sa 1:8 and 1:7. Unfortunately for NCR, nandoon pa rin po siya sa 1:5, but they started with 1:2. Dito po sa CAR, mataas po dito sa CAR, I think ang average po namin dito sa CAR is 1:22. So those are the latest developments po sa contact tracing. We continue to capacitate the different regions.

In fact, yesterday kami nila Secretary Vince, we just came from Region XII, sa GenSan para naman asikasuhin iyong sitwasyon doon, provide support to the local government units and at the same time conduct contact tracing training for our trainors.

SEC. ROQUE: Last question for Mayor Magalong po. Sir, iyong safety.ph, inaprubahan na po ng IATF bilang iyong opisyal na app lalo na para sa ating tracing. Ano na po iyong porsiyento ng paggamit ng safety.ph para sa ating tracing po? Staysafe.ph, sorry po.

MAYOR MAGALONG: Okay, about two weeks ago, ni-launch po natin iyong staysafe.ph. Nandoon din po kami nila Spox Harry at saka si Secretary Vince and at the same time, gusto lang po naming ipaalam sa inyo na may mga ibang local government units that actually came up with their own digital contact tracing application. We are not discouraging them to use it. In fact, we are even encouraging them, if they feel that it fits their environment, gamitin lang po nila. In fact, we are now working closely with IATF-ICT, ito po iyong magbi-vet po ng iba't ibang mga digital contact tracing applications to make sure that they passed the prescribed standard po ng digital contact tracing app. And at the same time, we are now working with stay safe. In fact, para doon po sa pag-release po ng kanilang API, para iyong ibang mga digital contact tracing applications, we will be able to talk o kaya mag-uusap iyong dalawang applications, iyong stay safe at iyong ibang mga application.

This week, ongoing po iyong kanilang test, next week, I was given a commitment that ire-release na po nila iyong API sa iba't ibang mga developers. Hopefully by next week, complete na po iyong donation nang system ng stay safe sa DICT. Because it will be DICT that will manage iyong stay safe and at the same it will be owned by government and at the same time it will be managed by government at iyong data base will also be managed by DICT.

SEC. ROQUE: Salamat, Mayor Magalong. Simulan na po natin ng ating open forum. Tawagin ko muna si Usec. Rocky please.

USEC. IGNACIO: Yes. Good afternoon, Secretary Roque. Good afternoon, Secretary Vince Dizon. And good afternoon, Mayor Magalong.

First question from Virgil Lopez of GMA News Online. Ito po tanong niya: Medical workers in General Santos City have called for a two-week Enhanced Community Quarantine in the city as several doctors and nurses there contracted COVID-19. Will the IATF consider this option?

SEC. ROQUE: Could I ask Secretary Vince to answer that question or Mayor Magalong dahil kakagaling lang po nila sa GenSan kahapon 'no. Mayor Magalong...

MAYOR MAGALONG: Okay. Very challenging po iyong situation natin sa GenSan pero napag-usapan naman po kahapon that they will not declare a status of ECQ and instead they will maintain their current status but they will enhance iyong kanilang mga iba't ibang mga capabilities. In fact, kaya kami nandoon to re-increase their testing capacity, second is for the training of their contact tracing para tumaas naman iyong kanilang contract tracing efficiency ratio and at the same time there was also a commitment coming from NTF na talagang tutulungan po natin sila sa pagtaas ng kanilang pag-establish ng kanilang mga isolation facilities and tututukan po natin iyong GenSan.

Amazingly, the local government is on top of the situation. They are really working hard to manage iyong situation. Nagkaroon lang ho ng problema doon sa isang port ho nila doon. But you know the local authorities are really managing it very well and we're hoping that in the next few days we were able to craft their strategy and hopefully in the next few weeks ay makikita na ho natin a downtrend in the number of cases.

SEC. ROQUE: Sec. Dizon...

SEC. DIZON: Opo. Tama po si Mayor Benjie. I think ang message lang natin 'no sa lahat ng mga LGUs sa buong bansa, ang message ng National Task Force ay kapag nakaka-experience ng pagtaas ng kaso ay huwag po tayong mababahala dahil kung gagawin po natin at susundin po natin ang strategy ng Prevent-Detect-Isolate-Treat at Reintegrate, sigurado po tayo na kakayanin nating mapababa iyan. Iyan po ang naging mensahe ng National Task Force kahapon sa city of GenSan and iyan po ay dahil sa nakita po nating nangyari na – nakita po natin iyan sa Cebu kung saan talagang sumipa ang mga kaso pero dahil sa suporta ng national government at sa aksiyon ng local government units ay napababa po ang kaso.

Nakita din po natin iyan sa mga city sa NCR, sa CALABARZON, sa Central Luzon. Nakita po natin iyan, pinatunayan po iyan ni Mayor Benjie dito sa Baguio. May panahon po noong bandang mga July tumaas din po ang kaso ng Baguio pero hindi po nag-panic si Mayor Benjie, nagtiwala siya sa kaniyang strategy ng early detection, fast tracing, fast contact tracing, fast testing at dahan-dahan po bumaba ang mga kaso. So iyon lang po, magtiwala po tayo at magtulong-tulong tayo, kaya po nating i-manage ang mga kaso.

USEC. IGNACIO: Opo. Iyong second question ni Virgil Lopez: France, Germany and the United Kingdom have informed the United Nations of their rejection of China's claims in the South China Sea citing the 2016 ruling of the arbitral tribunal in favor of the Philippines. What is the Palace' reaction to this?

SEC. ROQUE: Nagpapasalamat po kami sa mga bansang ito dahil hindi naman po mabubura iyong panalo natin sa arbitral tribunal na iyan na nagsasabi na wala pong legal na basehan iyong kini-claim ng China na ang halos buo ng South China Sea na ngayon ay West Philippine Sea ay nasa ilalim ng soberenya or ng sovereign rights ng Tsina at wala daw pong legal na basehan iyong historical claims to maritime territories.

USEC. IGNACIO: Ang huling katanungan po ni Virgil Lopez: The European parliament is pushing for the revocation of tariff exemptions to some Philippine exports to Europe citing the deteriorating human rights situation in the country. Is this a cause of concern? Should the Philippines be penalized for its handling of its domestic affairs?

SEC. ROQUE: Well, alam ninyo po, iyong nangyayari sa European parliament is a classic case of misinformation. Unfortunately, iyong mga kalaban po ng Pilipinas kasama na po ang CPP-NPA na kina-classify as isang terrorist group eh malakas po sila sa Europe. Sa katunayan nandoon nga po si Joma Sison 'no, iyong number one terrorist eh nakabase po sa Europe 'no.

So it's just a case of misinformation at kung pag-aaralan po nila, malalaman po nila na ang kaso ni Maria Ressa is for libel, it's a case of bad journalism and bad lawyering. Sa kaso po ni hindi man lang nag-testify si Maria Ressa para depensahan ang kaniyang sarili at lumalabas po talaga na wala man lang silang fact verification 'no. At ang kaso po ay isinampa ng isang pribadong indibidwal, hindi naman po gobyerno ang nagsampa sa kanila.

Pagdating naman po dito sa kaso ng ABS-CBN eh malinaw naman po ang Saligang Batas: Ang tanging institusyon na pupuwedeng magbigay ng prangkisa sa isang broadcast company ay Kongreso - hindi po sila nabigyan ng Kongreso. Wala pong pagkakaiba iyan kung mayroong niri-require ang approval sa European parliament at hindi binigyan ng approval ng European parliament.

Hinihikayat ko po iyong ating mga kongresista, pumunta po kayo doon sa mga forum ng mga Inter-Parliamentary Union (IPU), para makausap naman iyong mga miyembro din ng European parliament at masabihan sila kung ano ang katotohanan, hindi lang iyong mga kasinungalingan na kinakalat ni Joma Sison sa Europa.

Joyce Balancio, please.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Yes. Good afternoon po, Secretary Roque and to our guests. Follow up lang po doon sa unang tanong ni Virgil on note verbale ng France, Germany and UK filed with the United Nations patungkol nga po dito sa 'rejecting the China's claims over the South China Sea'. Itong ganitong klaseng move or action ng ibang bansa, how will this help the Philippines in pushing for its rights in the West Philippine Sea?

SEC. ROQUE: Well, alam ninyo po, nagpapasalamat po tayo sa suporta, pero sa arbitration po ang ruling is the arbitral award is binding on the parties thereto. So talaga namang binding iyang desisyon ng UN Tribunal for the Law of Sea sa Pilipinas at sa Tsina. Hindi kinikilala iyan ng Tsina pero dahil siya po ay partido sa UN Convention on the Law of the Sea, binigay po niya ang kaniyang consent na i-settle ang lahat ng dispute sa pamamagitan ng dispute settlement procedure na nakasaad po sa UN Convention on the Law of the Sea.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Okay. Secretary, on a different topic, sa fish kill po sa Manila Bay. DENR is denying that it is related to the white sand project. Sabi po ni DENR Undersecretary Benny Antiporda, they're investigating if this is case of sabotage. Ano po reaction natin dito at kung pananabotahe po, ano po ang dapat gawin ng gobyerno?

SEC. ROQUE: Well, hindi ko po alam kung mayroon ngang sabotaje, pinag-aaralan pa po iyan. Pero ang nakapagtataka nga, bakit ang tilapia, freshwater fish iyong nakarating sa Manila Bay. Parang imposible naman iyon 'no dahil hindi po mabubuhay ang tilapia sa saltwater. So ingat-ingat lang po tayo sa panahon ngayon desperado po ang kalaban ng gobyerno, lahat po ginagawa para siraan si Presidente Duterte. At nagpapasalamat po kami kahit anong sabihin nila, kahit anong gawin nila, nagtitiwala pa rin po ang sambayanang Pilipino kay Presidente Duterte.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Sige po. Last question na lang for me, Secretary. The Population Commission noted that there is an increase in the number of teenage pregnancies in the Philippines. In 2018 nasa higit 2,200 daw po na mga babae below 15 years old ang nanganak and this figure continues to rise overtime, sabi po ng PopCom. And si Senator Zubiri is actually proposing to raise the age of statutory rape in the country to 16 years old from the current 12 years old. Is the President willing to support such measure - raising the age of statutory rape? And of course, your reaction to the data presented by PopCom.

SEC. ROQUE: Ang Presidente naman po bilang abogado ay nirespeto ang hurisdiksyon at kapangyarihan ng Kongreso na bumuo ng polisiya sa pamamagitan po ng batas. Kung sa tingin ko ng Kongreso na ang tamang polisiya ay itaas sa 16 ang age of minority for statutory rape purposes, rirespetuhin naman po iyan ng gobyerno.

Pagdating po doon sa datos na tumataas, nananawagan po tayo sa mga magulang, kinakailangan po talagang gabayan ang ating mga kabataan; ang ating mga eskuwela, alam ko po nasa mga public schools, dahil ako ay produkto ng public school, eh nagbibigay naman po sila ng sex education, paigtingin pa po natin iyan. Kabahagi po ng health ng education at kinakailangan po—pati po iyong

mga simbahan eh kinakailangan po talaga ay mas maging aktibo sa pagbibigay pangaral sa ating mga kabataan.

Okay. Si Miss Helen ng PIA, our local media and our ever-reliable head of PTV-4 in the Cordilleras 'no will act as our—

MISS HELEN: PIA, sir.

SEC. ROQUE: Ah, PIA Cordillera will act as our moderator now for the questions from the local media.

MISS HELEN: Mula sa mamamahayag ng Cordillera, unahin natin Jonathan Llanas of Sun Star Baguio?

JONATHAN LLANAS/SUN STAR BAGUIO: For Mayor Magalong and even for Secretary Harry Roque.

Sir, Secretary Vince mentioned kanina one of the important elements for testing is that of having a good contact tracing procedure. TESDA has recently started iyong COVID testing training, I think it started in Taguig. And here in Baguio, TESDA will soon parang start with its own training center now being subjected to evaluation by TESDA. How do you look at this in terms effective contact tracing in other parts of the region—or in the country I should say?

MAYOR MAGALONG: I would like to commend TESDA for taking the lead in the start of training. Gusto lang po naming makita kung ano iyong—gusto lang naming makita if there are compliant with the DOH basic training module and at the same time iyong ginawa rin ng DILG. It's just a matter of, you know, reviewing their modules and their training dynamics and with that, we are fully in support of the efforts of TESDA. Magandang development iyan.

JONATHAN LLANAS/SUN STAR BAGUIO: My second question for Secretary Vince. Sir, the Philippine Basketball Association yesterday said that they finally found a home, and it's now Clark. Can we get your thoughts on this being the new home of the PBA and would this be a template to be followed by other sporting activities in other parts of the country?

SEC. DIZON: Opo, unang-una po nagpapasalamat po tayo, hindi lamang BCDA kung hindi ang buong gobyerno sa leadership ng Philippine Basketball Association sa pamumuno ni Chairman Ricky Vargas at ang buong PBA board lalo na si Commissioner Willie Marcial na nagtiwala po sila sa Clark na isang property ng national government. Alam ko po kasi, mayroong iba't ibang private sector na properties na nag-bid o nag-offer na mag-host ng PBA bubble, pero ang napili po ng ating PBA ay isang property ng national government na ang Clark. So nagpapasalamat po tayo sa kanila.

Unang-una po, alam ninyo paulit-ulit pong sinasabi ng ating IATF at ng ating NTF na kailangan na nating simulan na buksan ng dahan-dahan ang ating ekonomiya dahil kailangan ng manumbalik ang ating mga kababayan sa trabaho. Kailangan ng ating mga consumers ay lumabas na simulan na ring mamuhay, pero kailangang mag-ingat.

Tingin ko po ang PBA bubble ay napakalaki ng magiging simbolo nito sa papunta natin sa new normal dahil alam naman po ninyo ang greatest past time ng ating bansa, ng ating mga kababayan ay basketball, ang PBA.

Kaya malaking simbolo po ito, tulad ng ginawa nila sa mga sporting events sa US. Ang NBA ay mayroong NBA bubble, ito ay ginagawa sa Disney World sa Florida. Nandoon po lahat ang mga players, doon po sila naglalaro at doon po protektado sila, wala pong mga nanunood, ito lahat ay virtual at ang importante po doon ay nakakapagbigay na sila ng saya milyong-milyong mga fans.

Iyon din po ang gustong gawin ng PBA at magiging modelo po talaga ito tulad ng modelo natin dito sa Baguio na simbolo ng paunti-unti, dahan-dahan ay papunta na tayo sa new normal at makakapamuhay na tayo ng normal pero kailangang safe pa rin. Kaya very strict ang protocols, ipiprisinta namin ito kasama ng PBA sa IATF for approval at naniniwala po tayo na talagang napakalaking step nito para sa ating bansa para manumbalik na tayo dahan-dahan papunta sa new normal.

USEC. IGNACIO: Question from Alexis Romero of Philippine Star. Secretary, may ilan daw pong confused about doon sa Tagaytay. Tanong po nila: Sino daw po ang masusunod - si General Eleazar o si Governor Remulla?

SEC. ROQUE: Malinaw po iyan, kung ang pinag-uusapan ay sa Cavite lamang, ang masusunod si Governor Remulla; pero kapag ang pinag-uusapan iyong inter zonal travel, iyong papunta sa Cavite galing sa ibang probinsiya o sa Metro Manila, ang masusunod po ang IATF. Dahil ang IATF po, iyan po delegated authority ng Presidente. So, it is the powers of the President being exercised by the Inter Agency Task Force; lahat po ng desisyon ng IATF aprubado rin ng Presidente.

At ang desisyon nga po ay kung MGCQ to MGCQ ay wala pong problema, di na kinakailangan ng travel pass; pero kung manggagaling po sa GCQ to MGCQ, kinakailangan po may travel pass pa rin. Lahat ng mga taga-Maynila na pupunta po sa Tagaytay, lahat ng taga-Batangas na pupunta po sa Tagaytay, kinakailangan pa rin ng travel pass.

USEC. IGNACIO: Opo, iyong tanong naman mula kay Manny Vargas ng DZBB: Ano po ang patakaran sa depressed areas na walang sariling bakuran at CR ang mga bahay? Bawal ba daw po ang maglaba, maglinis o maligo sa harap ng bahay na walang suot na face mask? Base ito doon sa viral video daw po ng babaeng nasita sa paglalaba sa labas ng kanyang bahay.

SEC. ROQUE: Malinaw po ang rule natin. Kung nasa loob ng bahay ay hindi kinakailangang mag-face mask. 'Pag lumabas ka, kinakailangan po ng face mask kahit ano pa ang ginagawa mo.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Sir, unahin ko lang po doon sa naging note verbal ng France, Germany and UK. Sir, if these countries are pursuing or aggressively pursuing our arbitral ruling; tayo po ba, will we ever follow or do this? And isabay ko na rin, sir, what's at stake? Because I understand our foreign policy, sir, is friends is friends to all enemies to none. Pero, sir, what's at stake if we become more assertive over rights and claims in the South China, sir?

SEC. ROQUE: Alam kasi ninyo, hindi naiintidihan ng marami na iyong desisyon itself is the victory, iyong pagkakaroon ng desisyon itself is the act of being assertive dahil kung hindi naman natin pinursue iyong desisyon na iyan, iyong kasong iyan hindi magkakaroon ng desisyon. Pero sa international law po unfortunately, wala tayong police na mapupuntahan para mapatupad iyang desisyon na iyan at limited po ang ating options doon sa assumption ng mga bansa ng daigdig ay boluntaryong susunod sa kanilang international obligation.

Black propaganda po iyan na mayroon pa tayong ibang dapat gawin, iyong sinasabi nila na dapat gawin sa UN General Assembly, puwede po iyan pero let's be realistic. Hindi po natin masi-sway ang 197-member ng UN kung ang kalaban po natin ay Tsina dahil alam naman natin limited ang ating kakayahan. At sa pulitika money talks, iyan po talaga even in international relations. So, hindi rin tayo makapunta sa Security Council dahil mayroong veto power po ang Tsina. So, iyong mga nagsasabi na dapat maging assertive, ano pa ang dapat gawin?

Pulitika lang po ang ginagawa nila dito, pero sa akin po, bilang isang professor ng International Law, naging past president pa ng Asian Society of International Law, hindi na po mabubura iyong desisyon na iyan. At habang nandiyan ang desisyon na iyan, iyan po ay pruweba na wala pong ligal na basehan iyong ginagamit ng Tsina para angkinin ang South China Sea or ang West Philippine Sea.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: So our, sir, would be more of a balancing act, in a way, tama po ba?

SEC. ROQUE: Malinaw po ang ating polisiya – talagang habang hindi natin nariresolba itong conflicting claim to territories with Tsina, isusulong natin iyong pupuwede nating isulong. Isinasantabi muna natin ito dahil walang resolusyon ito sa ngayon, pero isulong natin iyong pupuwedeng isulong, kagaya ng usaping pamumuhunan at kalakal.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Sir, doon naman po sa move ng European Union, before I go to Secretary Vince po 'no. Ano po ang magiging hakbang ng gobyerno natin to, in a way, correct this disinformation na sinasabi ninyo nga po na ginagawa ng CPP-NPA?

SEC. ROQUE: Well, nananawagan po ako sa lahat ng ambahador 'no, double effort po kayo para naman maikalat kung anong katotohanan diyan sa Europa. Alam ko po, marami na kayong ginagawa pero talagang importante po na maging pangunahin, isa sa pangunahing katungkulan ninyo ay ikalat naman ang katotohanan na buhay na buhay ang demokrasya dito sa Pilipinas; ang karapatang pantao ay pinangangalagaan po; lahat ng diumano ay biktima ng karahasan at paglabag ng karapatang pantao ay mayroon pong remedyo sang-ayon po sa lokal na batas at Saligang Batas ng Pilipinas.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Secretary, you may answer my last question or si Secretary Vince po. Iyong doon po sa PBA bubble, iyong guidelines po ba niyan ay nasa IATF table na? Kailan po kaya ini-expect na mapagdesisyonan po ito?

SEC. DIZON: Wala pa po, kasi kakadesisyon pa lang po ng PBA sa venue. So we have a proposal already with the PBA, with the bubble will be held in Clark. The hotel where the PBA players and staff and coaches will be staying will be the Mimosa Resort in Quest Hotel run by Filinvest Land. And the official venue for the bubble, for the games will be the Angeles University Foundation Court which was also used during the Southeast Asian Games.

So, iyong details will be submitted this week. And we will have to await the approval of the IATF. But hopefully, since the PBA wants to start as soon as possible, they have a target date of October 9 to start the games. But of course, they have to start practicing first dahil, alam ninyo naman, mga anim na buwan ding nahinto ang games at practices ng ating mga professional players, so kailangan nila nang konti na ilang linggo ng pagpa-practice.

So—pero ano po 'no, kapag ito ay lumabas na, ia-announce po natin ito lalo na kapag ito ay na-approve na ng IATF.

SEC. ROQUE: Okay, si Helen.

MODERATOR: Mula naman po sa DZRH, we have Ronnie Gonzales.

RONNIE GONZALES/DZRH: Maraming salamat po. Sir, sa kabila ng maraming hirap na tinahak ng ating gobyerno sa paglaban sa COVID, pero marami pa ring mga sektor ang tila pinupulaan pa rin iyong kakayahan ng ating gobyerno. Saang antas na po ba tayo sa ating laban sa COVID sa ating bansa, sir?

SEC. ROQUE: Paulit-ulit ko na pong sinasagot iyan kasi iyong mga nagsasalita naman, iyan iyong walang mabuting nakikita sa ginagawa ng gobyerno dahil hindi po sila makahintay ng 2022. Atat na atat na silang mabalik sa kapangyarihan. Ang sabi ko nga, mga gahaman sa kapangyarihan.

Nasaan na ba ho tayo? Nakikita naman po natin, 1.7 ang ating case fatality rate. Uulitin ko po, kaya tayo natatakot sa pandemya ay baka maraming mamatay. Nalilimitahan naman po natin ang mga numero ng taong namamatay. Ito po ang pinakamagaling na testing czar sa buong mundo, iisa lang ang laboratory, more than 100 in less than four or five months. In fact, from one laboratory na kaunting-kaunti ang nati-test, we now have the highest testing in the whole of Southeast Asia beating Japan and Vietnam.

Iyong mga hindi magsasabi na accomplishment iyan, nagbubulag-bulagan, nagbibingi-bingihan; talagang ang nais lang ay pabagsakin ang gobyerno ni Presidente Duterte.

Pagdating naman sa tracing, ano pa ang mapupula ninyo sa tracing natin? Siguro ang pagkakamali, dapat mas maaga pang naging tracing czar si Mayor Magalong. [Applause] Kaya lang nahirapan siya, ang mga taga-Baguio noong una parang hindi siya pinayagan. Pero nang pinayagan ng Baguio, kita ninyo naman, nagkaroon na ng game-changer talaga sa laban sa COVID-19. Enemy number one ng COVID-19, Mayor Benjie Magalong. [Applause] Number two ka lang, okay.

Ang number three enemy, iyong mga pumupula po at nagbubulag-bulagan sa mga nagagawa ng gobyerno ni Presidente Duterte.

SEC. DIZON: Siguro ano lang 'no, [garbled] kay Spox Harry, unang-una, alam ninyo, itong COVID-19 kung makikita mo sa buong mundo ay talagang hirap na hirap ang buong mundo dito 'no. Kahit na iyong mga sinasabing mga bansa na noong una ay maganda ang naging response, ngayong nagbubukas na ng ekonomiya, iyong mga challenges na dinadaan natin, iyon din ang mga challenges nila.

So siguro imbes na ano ... iyong kritisismo, normal naman iyan lalo na sa demokrasya. Pero ang importante lang naman ang tingin ko is ano, dapat ang focus natin ay hindi iyong mag-criticize. Ang focus natin ay magtulung-tulong na lang tayo kasi ano ito eh, laban natin itong lahat eh 'di ba. Hindi ito laban lang ni Pangulong Duterte o ng gobyerno ni Pangulong Duterte, laban ito ng bawat Pilipino.

So ano lang, tulung-tulong lang. maraming challenges, kagaya nang sinabi ni Mayor Benjie sa contact tracing, malaki pa ang gusto nating i-improve. Nag-improve na tayo pero malayo pa rin 'no doon sa gusto natin. Sa testing, ganoon din 'no, madami na tayong nati-test pero ang pinu-focus natin ngayon nina Mayor Benjie, nila Secretary Galvez ay iyong mapabilis natin iyong testing natin. Kasi hindi lang iyong dami ng tini-test; iyong bilis ng pagti-test, iyon ang importante. Si Mayor Benjie, laging paulit-ulit

iyon: Kailangan 24 hours, 48 hours na-isolate na natin ang mga kababayan nating magkakasakit. So ngayon, may mga antigen test na, may mga bagong teknolohiya, kailangan gamitin natin iyon.

Ano pa? Tulung-tulong pa rin ang kinakailangan talaga natin para talagang magtagumpay tayo.

RONNIE GONZALES/DZRH: Can I my question, another question kay Mayor Magalong, please? Sir, on September 22 we'll be opening up Baguio City for tourist coming from Region I. And you just said, limited to 200 lamang. Now, after that period then given a chance na after 200, kasi iyong iba hindi lahat may sasakyan, so are there talks regarding iyong pag-o-open up ng mga transportations natin coming from that area going up to Baguio and vice versa, sir?

MAYOR MAGALONG: Okay. Gusto ko lang klaruhin na iyong pag-open natin sa September 22 and probably for the next few weeks, ito ay limited lang sa Region I and this will be guided tours. Wala pa ho tayo doon sa tinatawag natin na DIYI tourist or Do-It-Yourself tourist. Later on ho saka ho natin bubuksan kapag nakita na ho natin na confident na tayo sa pag-manage ng ating mga turista. We're still, you know, we're still trying to learn. Bago ho ito sa atin. We've never experienced this before.

So mabuti na rin na unti-unti lang, umpisahan lang muna natin sa manageable level, and at the same time, when the time comes na talagang naayos na natin iyong ating sistema, then saka tayo mag-expand.

RONNIE GONZALES/DZRH: Okay. Thank you very much po. Maraming salamat.

SEC. ROQUE: Okay. Balik tayo kay Usec. Rocky, please.

USEC. IGNACIO: Yes. Thank you, Secretary. From Evelyn Quiros ng Filipino Mirror: Contact tracing in Baguio is very effective. Ano po kaya sa tingin ninyo ang dahilan bakit hindi maging effective ang contact tracing sa ibang localities sa bansa? At may update po ba tayo sa mga contact tracers natin?

MAYOR MAGALONG: Okay, good question. First is, isa siguro sa puwede naming ipagmalaki dito sa Baguio is we have a very good team. We have a very dedicated team na talagang committed to really go for the 1:37. Although, mayroon kaming time na bumababa kami hanggang 1:16, 1:20, 1:23 pero never kaming bababa sa 1:10 or 1:5.

So, iyon ang aim namin, we always go for 1:20 and we are very aggressive. Mabuti na iyong maging aggressive ka, get more close contact. There's no harm in getting more close contact. Ang importante rito eh once na makikita naman natin sa testing kung nag-positive sila or nag-negative. Kung negative then cleared sila lahat ano, so there's no harm in being aggressive sa contact tracing.

On latest development naman natin, I'm working closely with the WHO in terms of analyzing data. We need to have a third party, very credible ano, a good reputation that will analyze otherwise kung kami lang ang nagdyi-generate ng data it might be self-serving. According to the WHO latest is tumataas na ang ating contact tracing efficiency ratio. Nag-umpisa tayo sa 1:2, umakyat tayo ng 1:5. Nationwide siguro as of this date baka umakyat na po tayo sa 1:7, looking at the latest figures inaayos pa naming mabuti.

Kaya lang mayroon namang [garbled] na nag-ii-stagnate pa rin tulad sa NCR, there was a big improvement, umakyat sila sa 1:10 and then after several weeks bumaba na naman sa 1:5 o 1:6 and that is something that we are now addressing also.

Sa lugar na tulad ng Regions II, IV-B, medyo mataas na, 1:11 na. Sa Cebu Province sa Region VII, dati rati 1:3 sila now they are 1:7. So, makikita mo na slowly tumataas ang kanilang mga contact tracing efficiency ratio.

The good news is with this recruitment of about 50,000 contact tracers in the next few weeks, malaking tulong po iyan sa atin. Dahil to be honest with you, pagod na rin po ang ating mga contact tracers specially kung wala na pong relyebo. Nakakapagod ho, if you're on the operational side of contact tracing, it's very exhaustive, it's very tiring, nakakaawa po sila. Never the less this is a good development, itong 50,000. I hope we will be able to fast track everything para ma-deploy po natin kaagad sila.

SEC. ROQUE: Okay. we go now to Melo Acuña, please?

Ah, mayroon pa? Mayroon pang isang question?

Wala na... wala na yata.

Okay! Si Melo Acuña, please?

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Good afternoon, Secretary! I'd like to pose this question to all of you there. What are the basic guidelines for media practitioners who've been tasked by their desks to do reports on tourist-oriented spots in the country? What protocols do we need to observe?

Thank you.

SEC. ROQUE: In general, you have to always comply with the requirements of the LGUs. Alam ninyo po iyang IATF pass na ibinibigay sa mga media, that's good for Metro Manila because under the Local Government Code, hindi po natin puwedeng ipagkait sa mga lokal na pamahalaan na magpatupad ng mga sarili nilang mga quarantine restrictions.

So, effectively po while you have freedom of movement in Metro Manila, kinakailangan pa rin ang mga media practitioners should comply with all quarantine procedures of LGUs.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Yes. Thank you very much! Secretary Harry, with the recent developments in the European Union, what impact would you see should the EU make good its vow to suspend the GSP+ for Filipino goods going into Europe? How much would it be or it cost us in peso, in euro or dollars terms, would you have any idea?

SEC. ROQUE: Wala na po akong ideya. Ang alam ko po, talagang magiging masama iyan sa ating bayan. Sa panahon ng pandemya na nagkaroon po tayo ng economic contraction na 6.5

at inaasahan na mas liliit pa rin ang ating ekonomiya dahil sa COVID-19, talagang magpapahirap pa po lalo ang planong gawin ng Europe na i-suspend iyong ating GSP privilege. Kung gusto po nila iyan, wala po tayong magagawa. Hayaan po nating panoorin nila na lalong maghirap ang sambayanang Pilipino, dahil tayo naman pong mga Filipino mahigit 300 years na po tayong naghirap sa ilalim ng isang European country. Umuulit lang naman po ang kasaysayan, tatanggapin din po iyan ng mga Filipino pero tayo po ay makakaahon taas-noo kahit anong gawin ng ating mga dating colonial masters.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Can we look for other potential markets for our good, Mister Secretary?

SEC. ROQUE: Wala po tayong magagawa kung talagang gusto niyang lalong pahirapan ang bansang Pilipinas, bahala po sila at ginawa po nila iyan nang 300 years hindi lang sa Pilipinas kung hindi iba't-ibang lugar sa Asya at iba't-ibang parte ng daigdig kasama na rin po ang Africa.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Yeah. Thank you very much, Mister Secretary! Thank you.

SEC. ROQUE: Yes, ma'am Helen.

MODERATOR: Balik Baguio po tayo. Tawagin naman po natin si Dave Leproso ng GMA-7.

DAVE LEPROSO/GMA-7: Magandang hapon po sa inyong lahat! Ito'y tanong ko sana kung—since Baguio was a perfect example ng triage, contact tracing, mare-replicate po kaya ito sa major cities if ever? Tapos may availability of funds regarding a triage this big?

SEC. ROQUE: Ang alam ko po, iyan ang dahilan kung bakit ipinahiram ng Baguio si Mayor Magalong sa buong Pilipinas, para iparating po kung ano iyong naging best practice ng Baguio pagdating sa contact tracing.

At alam ninyo po, parang rockstar si Mayor Magalong all over the Philippines, lahat ng mayor humihingi po ng training kay Mayor Magalong. Ang akin lang po, nagpapasalamat po kami sa mga mamamayan ng Baguio dahil ipinahiram ninyo po ang inyong napakagaling na alkalde sa buong bayan ng Pilipinas at ito naman po ay habang mayroon tayong COVID. Maraming salamat po sa mga taga-Baguio at kay Mayor Magalong.

DAVE LEPROSO/GMA-7: Sir, ganito rin ba kalaki iyong puwedeng i-replicate sa mga ibang... like major cities, a system like this?

SEC. ROQUE: Ay naku! Ako po narinig ko sa sariling dalawang tainga ko iyong aking mayor sa Quezon City naman si Mayor Joy Belmonte, sabi niya hanggang naririnig ko si Mayor Magalong hindi ko alam ganoon pala dapat gawin ang contact tracing. So, talaga pong tinitingala ng buong Pilipinas iyong ginawang tracing dito po sa Baguio ni Mayor Magalong.

DAVE LEPROSO/GMA-7: Feasible po kaya siya sa ibang...?

SEC. ROQUE: Feasible po, dahil ipinatutupad na po ng mga iba't-ibang mga lugar sa Pilipinas. Pero siguro si Mayor Magalong, feasible ba ho, mare-replicate ba ho sa ibang lugar ng Pilipinas itong ginawa natin sa Baguio?

MAYOR MAGALONG: Alam ninyo, maraming local governments sa Baguio ang maganda ang kanilang mga best practices hindi nga lang naha-highlight. We are here to mentor them; we are here to you know anytime na kailangan ho nila iyong aming tulong. Nandito naman ho kami, nandito naman ho iyong buong NTF, napakabilis po naming umaksyon lalong-lalo na po sa side ng testing.

Sa side po ng apat na pillars na iyan, napakabilis po. Si Secretary Galvez is just amazing, hindi na natutulog. Tumataas na nga po iyong BP niya, magkasama ho kami kahapon na halos every two hours bini-BP siya. Si Sec. Vince, naku Diyos ko! Walang kapaguran iyan maski na kababa lang gusto na naman magpa-meeting kinabukasan ano. Tapos if you want anyone to make a difference and you want something to happen, iyan si Secretary Vince. Believe me, that guy is amazing.

And so everyone is you know... toeing the line, lahat ho kami gumagalaw talaga para makatulong ho sa iba't-ibang mga local government. As I've said, marami po tayong local government na may magaganda pong best practices pagdating po sa COVID-19.

Q: Maraming salamat!

SEC. ROQUE: Okay. Balik tayo kay USec. Rocky, please.

USEC. IGNACIO: Okay. Secretary, katanungan mula kay Cresilyn Catarong ng SMNI DZAR 1026 Sonshine Radio: Ipinanawagan po ni 1 Pacman Partylist Representative Eric Pineda ang pagpapatupad ng taas-pasahe sa mga pampublikong sasakyan upang mabigyan ng sapat na kita ang mga driver ng mga pampublikong transportasyon dahil sa limitado lamang ang pinapayagan daw pong makasakay na pasahero. Ikukonsidera po ba ito ng Malacañang?

SEC. ROQUE: Well, hintayin pa po muna natin kasi ang ginawa nating istrategiya sa Bayanihan 2, magbibigay po tayo ng subsidy sa mga operators at drivers ng pampublikong transportasyon. Ninanais po natin na at least mag-break even sila despite the one-meter distancing rule at bigyan pa ng kakaunting tubo more or less 20%. So, tingnan po muna na natin kung ito po ay gagana.

USEC. IGNACIO: Second question po ni Cresilyn Catarong: Ano daw po ang masasabi ninyo sa suggestion ni Senator Imee Marcos sa Bureau of Customs na ipamigay na lamang ng ahensiya ang mga cellphone, laptop o tablet na kanilang nakumpiska para sa mga mahihirap na estudyante kaysa wasakin daw po ito o isubasta?

SEC. ROQUE: Tingin ko po, magandang suhestiyon iyan pero ang Presidente po hindi nagmamicromanage. Hinahayaan po natin iyan sa Bureau of Customs. At kung hindi po ako nagkakamali, mayroon din kasing batas na nagsasabi kung paano po idi-dispose ng Customs iyong mga nahuling mga smuggled articles ‘no. Ang isang kunsiderasyon po kasi kung hindi siya sisirain ay baka magkaroon ng paraan iyong smuggler na mabawi muli iyong kaniyang smuggled items.

Para sa panahon naman po ng pandemya, lahat naman po ay pupuwedeng ikunsidera at pag-isipan. But I think it’s a good idea coming from Senator Imee Marcos.

Yes, punta naman po tayo kay Joseph Morong/GMA-7.

JOSEPH MORONG/GMA7: Good afternoon, Secretary Roque, Secretary Vince and Mayor Magalong. Sir, question ko lang [garbled]. Sir, iyong [garbled]—

SEC. ROQUE: Joseph, super garbled ka, hindi ka namin maintindihan. Naku, babalikan ka namin, Joseph. Joseph, babalikan ka namin. Hindi namin maintindihan. Kay Helen ulit, please.

MODERATOR: Balik Baguio, ngayon naman po sa Manila Bulletin, JJ Landingin.

SEC. ROQUE: Yes, JJ.

JJ LANDINGIN/MANILA BULLETIN: Magandang hapon po. Kay Secretary Vince or Secretary Harry. Sir, can you tell us your experience when you arrived here, when you went to the triage of Baguio?

SEC. ROQUE: Ang bilis-bilis po. Pero ngayon ko lang po nakita ito dahil palagi kami sa Teacher’s Camp. Now, mayroon din pong triage doon mismo sa Marcos Highway ‘no. Pero kahapon, doon po sa Teacher’s Camp ‘no. So wala naman pong problema. Ang problema lang, minsan, one-time ha, one-time [garbled] matagal doon sa papasok sa Marcos Highway dahil ang daming nakapila. Iyon lang po ‘no. Pero mula po noong nagkaroon tayo ng triage, parang wala na iyong ganoong pila dahil pinapupunta na sa triage area.

Tapos ang importante lang po doon sa mga pupunta sa Baguio, kinakailangang i-submit ninyo po iyong mga dokumento ninyo online. Kapag na-submit naman po ninyo online, nandoon na iyong pangalan ninyo. So triage na lang talaga ang gagawin sa inyo. Dahil ang mga isusumite naman po diyan ay iyong medical certificate at kasama iyong resulta ng inyong PCR test, o ngayon ay antigen test, tapos iyong inyong COVID travel pass. Iyon po iyong usual na requirement na sinusumite.

Pero ang classification ko po ay “returning resident” so ang procedure po, although may triage pa rin, mayroon namang tinatawagan na sa opisina ng triage ‘no, si Ma’am Victoria. Hi, Ma’am Victoria. Maraming salamat at hindi ka napapagod sa akin. At napa-facilitate na po iyong triage requirement sa mga returning residents dito sa Baguio.

SEC. DIZON: Alam mo ano, tama si Spox Harry. Dahil tourism bubble ang gusto nating i-create at i-pilot sa Baguio, napakaimportante nang convenience para sa turista. Napakaimportante ng experience ng ating mga domestic tourists. At part sa experience na iyan ay dapat mabilis, dapat hassle-free ‘no, very

clear iyong gagawin, hindi magulo at ang importante lalo na sa COVID, iyong wala siyang masyadong risk para doon sa turista.

Napakaganda noong sa Baguio dahil unang-una, fully automated siya. Bago ka umakyat, kailangan mong mag-register online. I-upload mo na ang iyong medical certificate, ang iyong PCR test or antigen test result at ilalagay mo na rin doon kung saan hotel ka, etc. So pagdating mo dito, napakadali 'no. Kanina pagdating ko dito, binigay ko lang iyong aking QR Code dahil gumagamit na ng teknolohiya si Mayor Benjie, iyong QR Code. Wala akong sinusulat, wala akong pini-fill up, hindi ako humahawak ng ballpen, ng papel. Ipapakita ko lang iyong cellphone ko, nandoon iyong QR code ko, i-scan at lalabas na doon, tatanungin ka na, "Ikaw po ba ay si Vince Dizon? Ikaw ba ay titira dito? Ito po, kailan ka nagpa-test? Ikaw ba ay nauubo? May lagnat ka ba? Etcetera. Napakabilis po, napakadali. At tingin ko po, iyon po ang napakaimportante 'no na matutunan ng lahat ng ating mga LGUs lalo na iyong ating mga tourist destinations. Iyong easy, fast, clear and guided customer experience na walang hassle, walang kahirap-hirap at napakabilis ho.

Congratulations po kay Mayor Benjie at sa City of Baguio dahil it's really a fantastic system na magagawa po dito. Thank you.

SEC. ROQUE: Oo nga po, I'd like to thank Mayor kasi iyong QR code, pag-upload mo, lumalabas na ngayon. It only happened, I think the past two weeks eh kasi palagi naman akong umuuwi dito. So but the past two weeks, labas na kaagad iyong QR code. Dati, talagang nasa Baguio ka na, wala pa iyong QR code. Pero ngayon, I don't know what they did, but it is working. And thank you very much po because it made the travel a lot smoother.

JJ LANDINGIN/MANILA BULLETIN: Follow up lang, sir. Sir, maliban po doon sa nauna ninyong nabanggit, gusto ko lang po malaman kung mayroon kayong nakita o napansin na bahagi doon sa bagong ... sa ginagawa ng Baguio, or hassle na kailangang tuunan ng pansin ng Baguio, kung mayroon man kayong napansin na kailangan pang i-tweak sa ini-implement ng Baguio ngayon?

SEC. ROQUE: Nawala na po kasi iyong time na mahaba iyong pila, siguro that's about a month and a half ago, and that was before, I guess, iyong mga dokumento ay ina-upload na lang talaga lahat. So since you automated, it's been streamlined.

JJ LANDINGIN/MANILA BULLETIN: Last sa inyo po.

SEC. DIZON: Una ako 'no, like I said, para sa akin halos perpekto iyong sistema 'no na dinanas ko kanina. Siguro lang, alam ninyo naman, kapag dumami ang tao, nagbabago iyan. Pero I think with the system put in place, kahit na mas madami pang tao ang dadating, kayang-kayang i-manage ng isang triage center tulad nito dahil nga, sabi ninyo, napakalaki, napaka-efficient ng system. So iyon lang ang magiging challenge niyan kapag dumami pero tingin ko ay kayang-kaya ng Baguio.

JJ LANDINGIN/MANILA BULLETIN: Sec. Vince, we would like to know kung kailan po lalabas iyong protocol doon sa usage ng antigen? [Garbled]

SEC. DIZON: Hinihintay po natin. Hinihintay po natin sa ating Department of Health. Mayroon na pong initial pero ito po yata ay pang-pilot pa lang 'no, Secretary, iyong nilabas ng DOH? This is really for pilot. Pero sana magkaroon na tayo. Anyway, makikita naman natin ang protocol, iyong sa ibang bansa na gumagamit na nito, so sa tingin ko naman kung gagamitin natin iyong best practices ay hindi tayo magkakamali.

JJ LANDINGIN/MANILA BULLETIN: Marami pong salamat.

SEC. ROQUE: Okay. Joseph Morong, please.

JOSEPH MORONG/GMA7: Good afternoon. Naririnig ninyo na po?

SEC. ROQUE: Better, better.

JOSEPH MORONG/GMA7: Yes, sir. Batiin din natin si Secretary Honasan. Sir, sa question sa cemeteries. Sir, iyon lang basis for the period, October 29th to November 4. Bakit po iyon iyong period? At elaboration lang, sir, sa rationale baka kasi iyong mga kababayan natin ay malungkot na medyo matagal iyong panahon na hindi puwedeng bumisita sa mga sementeryo?

SEC. ROQUE: Well, ang rationale po talaga ay para maiwasan iyong pagtitipun-tipon na nakagawian na natin tuwing Undas. Alam ninyo ako po mismo, personal ay nalulungkot. Bukod kasi doon sa mga panahon na ako ay nag-aral sa ibang bansa, kapag ako ay nasa Pilipinas, siguradong-sigurado po iyan na pagdating ng Undas ay nasa sementeryo 'no. At ito pong karanasan ko ay karanasan naman ng buong bayan. Pero ito naman po ay habang mayroon lamang pandemic, at alam naman po natin na ang gustung-gusto ng COVID-19 ay iyong pagtitipun-tipon. Kaya lang po, iyan ang dahilan po kung bakit minabuti ng IATF na ipagbawal muna iyong pagpunta sa sementeryo mula lang naman 29 October hanggang 4

Pero inaasahan ko po ang mga Pilipino dahil tumutupad sa kanilang obligasyon sa kanilang mga mahal sa buhay ay pupunta bago po mag-29 o after ng a-kuwatro ng November. Kaya nga po nagkaroon din tayo ng guidelines na hanggang 30% lang po ang dapat na makapasok sa mga sementeryo natin during the period before the 29th of October and after November 4.

JOSEPH MORONG-GMA7: Yes, sir. Sir, my second question is about the healthcare workers ban policy. Secretary Bello, was in Laging Handa kanina and then he said it's up for the President's decision or approval iyong coverage ay August 31. Sir, clarification: Will the President have his decision on the healthcare workers ban on Monday when he meets with the IATF? And also, sir, last time, di ba iyong March 8, ang BID is interpreting it to mean na lahat dapat may visa on March 9 noong time na iyon. So, first, decision ni Presidente; iyong second, kailangan ba ito, sir, protected contract or lahat kumpleto including visa on or before August 31?

SEC. ROQUE: Ang pagkakaintindi ko lahat na po kumpleto, kumbaga nagkagastos na sa lahat hindi lang makaalis because of the deployment ban. So I can promise you, Joseph, na ako na talaga mismo ang magtatanong kay Presidente kung wala po sa pagpupulong si Secretary Bello at nangako naman ako kay Secretary Bello na come what may, I will bring the matter up to the President this coming Monday.

JOSEPH MORONG-GMA7: Ang decision on Monday?

SEC. ROQUE: I think so naman, kapag brining up ko naman kay Presidente, may aksyon naman siya kaagad eh.

JOSEPH MORONG-GMA7: Sir, last question na lang. Sir iyong sa China. What is the Philippines doing to capitalize on the 2016 award favoring our country?

SEC. ROQUE: Alam mo wala ka ng dapat gawin diyan, kasi nandoon na iyon. Iyon na iyong pruweba na tayo ang sinabi ng UN Tribunal for the Law of the Sea ang mayroong economic rights doon sa lugar kung saan itinayo ang mga artificial islands at tayo ang nakinabang doon sa desisyon na walang legal na basehan iyong historic claims to water ng Tsina. Iyon na iyon! In international law, that is the evidence of the existence of a customary norm. The decision itself, you need not do anything else.

USEC. IGNACIO: Secretary Roque, ang question mula po kay Haydee Sampang ng DZAS, siya rin po ang ating birthday girl ngayon – Happy birthday, Haydee. Ang question po niya: May direktiba po ba ang Malacañang para doon sa late na pasuweldo ng DOH sa mga kinuhang emergency encoders ng health department?

SEC. ROQUE: Well, noong huling lumabas po iyang isyu na iyan, ang alam ko po ay gumawa ng hakbang para mabayaran na po iyan. So, kaklaruhin ko po kung mayroon na namang late suweldo ang mga encoders. Pero inilabas ko po iyan kay Secretary Duque at noong mga panahon na iyon, in-assure naman niya ako na na-release na iyang mga suweldong iyan. Ipagbibigay-alam ko po muli kay Secretary Duque na may ganitong reklamo na naman.

Okay punta naman tayo sa local media ba? Pia Rañada, please.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Sir, just on the GSP plus. Sir, you mentioned earlier na parang we can't do anything if the EU decides to revoke these perks. But that's not exactly true, it's within the power of the Philippine government to prevent the revocation of these perks. So, sir, my question is: What will the Duterte administration do to ensure that this will not happen? Will we for example seek a meeting with the EU? What efforts do we exert so that our businessmen, our Philippine products won't suffer from this possible revocation?

SEC. ROQUE: Alam mo, Pia, tama na siguro iyang issue na iyan. Kung gusto nilang dagdagan ang pahirap ng sambayanang Pilipino sa panahon ng pandemya so be it. We will accept that as history repeating itself. Tama na iyang mga diskusyon na iyan! Gawin nila ang gusto nilang gawin! Sa mga panahon na ito, if they want to implement it, go ahead!

PIA RAÑADA/RAPPLER: So, you are not going to do anything, you are just going to let Philippines businesses suffer from—

SEC. ROQUE: They will be the biggest contributor to the violation of right to life of the Filipino. Paulit-ulit kasi eh. Sinasabi nila human rights violations; sinasabi natin bukas ang mga hukuman, ayaw naman nilang maniwala; nandito naman, puwede naman silang pumunta rito. Ang tingin nila mukha tayong Somalia na failed government, wala.

I'm sorry, I was being undiplomatic in my answer, pero what else can I say. At the time of pandemic, they are threatening us, susmaryosep what else do we lose.

PIA RAÑADA/RAPPLER: But, sir, iyon na nga eh, they are actually saying if our systems are working as you claim then why not let their investigative bodies come here and actually probe, open the books so that they can actually make an independent assessment of our situation.

SEC. ROQUE: Iyon ang sagot ko: Europe, go ahead! At the time of pandemic, the whole world will pay tribute to you, ganoon na lang.

PIA RAÑADA/RAPPLER: So, sir, are you allow—the government will allow EU investigators to come here and look at all of the documents related to the drug war, to press freedom?

SEC. ROQUE: Hindi po, hindi po, wala po! Ang ating demokrasya ay nakikita ng lahat, pero hindi po tayo makukuha ng pananakot sa panahon ng pandemya. Dahil we have hit rock bottom.

PIA RAÑADA/RAPPLER: That shows that you are hiding (garbled)

SEC. ROQUE: Ewan ko ba, ang tanong. Anong tanong Pia, sinagot na kita.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Hindi, sir, iyon nga, will you—why are we not opening our drug war books and our documents and our investigative bodies to the investigation of other international body—

SEC. ROQUE: Everything is matter of public knowledge. We have real numbers. Wala kaming tinatago. So hindi ko maintindihan kung ano iyong tanong mo. Okay thank you. Miss Helen, one more from the local media, please.

MISS HELEN-PIA: Yes, sir. Balik Baguio. We have from Bombo Radyo, Charles Ligon.

LIGON/BOMBO RADYO: Magandang hapon po sa inyong lahat. Kay Secretary Harry Roque po. Matanong ko lang po, October 5 is fast approaching, kumusta na po iyong paghahanda natin for blended learning po sa October 5 po and may karagdagan pa po ba tayong anunsiyo for opening po ng mga pasukan?

SEC. ROQUE: I have weekly meetings with Secretary Briones and they were already ready in August when they thought they would open in August 28 if I am not mistaken, they are even more ready now.

LIGON/BOMBO RADYO: Okay po. And paghuli na lang po n katanungan kay Mayor Benjamin Magalong. Isa pong professor dito sa UP-Baguio ang nagsabi na the COVID measures dito po sa Baguio is under control. But looking into the data ng COVID-19 dito sa Siyudad ng Baguio - may nagtatanong po kasi - are we on that 3rd surge now? Since we are done with the second wave po, kasi nakita natin sa graph may spike ulit po.

MAYOR MAGALONG: Okay, I just would like to clarify. Nasa second wave pa rin tayo ano. Pero at least nama-manage natin and the good news is we have a third party that is actually managing our data analytics. We are working closely with the University of the Philippines para maging credible and then themselves mentioned during our last meeting of the local IATF that our situation is very, very manageable. And we continue to implement iyong mga measures natin and people are cooperating. One thing about the city of Baguio is that people are very cooperative – madaling sumunod, disiplinado at mayroong tinatawag tayong responsible behavior. And what else can I ask ano. Malaking bagay iyong pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan ng ating mga kababayan dito sa siyudad ng Baguio.

LIGON/BOMBO RADYO: So iyong spike po noong August po, effective contact tracing lang po iyon, hindi po iyon third wave.

MAYOR MAGALONG: Yes, you will be surprised, sana makita mo iyong data. Like for example karamihan noong—kasi every patient alam natin if this a result of contact tracing, if this a result of expanded testing. You will find out na kapag tiningnan mo lahat iyong data na pumasok sa atin and you apply the different analytical tools magugulat ka na lang na napakataas noong percentage nang expanded testing at result of contact tracing. Lumalabas na almost 70 plus percent, 73, 78 ganoon, doon nagri-range o nag-o-oscillate iyong number na iyon. So as I have said, what is important is we are very pro-active, we continue to test, we continue to increase our contact tracing efficiency ratio. We have a good number of isolation facilities. We have good doctors; we have good health workers. We are in a good situation right now.

SEC. ROQUE: Bago tayo magpatuloy o magpaalam, baka maiba na naman ang interpretasyon ng sinabi ko. Noong sinabi ko pong rock bottom, we have hit the rock bottom by way of our economy dahil sa COVID-19. Kung gusto pang magdagdag ng pahirap ng mga Europeans at ikaliligaya nila, go ahead.

Okay, mukhang wala na tayong tanong ngayon. Maraming, maraming salamat sa ating mga naging panauhin – si General/Mayor Benjamin Magalong, Secretary Vince B. Dizon. Maraming salamat sa local media. Ma’am Helen, thank you very much. At siyempre po, maraming salamat kay Usec. Rocky at mga miyembro ng Malacañang Press Corps. Dahil wala na pong tanong, magpapaalam na po kami. Sa ngalan po ni Presidente Rodrigo Roa Duterte, ito po ang inyong Spox Harry Roque ang nagsasabi: Maraming salamat, Baguio, for the tracing system and for the services of Mayor Benjamin Magalong. At hanggang sa muling press briefing natin sa Lunes, please stay safe.

Magandang hapon po sa inyong lahat.

##

--

News and Information Bureau-Data Processing Center